


8 Physical Therapist

Ang physical therapist ang tumutulong sa mga may sakit at mga nasugatan para maigalaw ng maayos ang kanilang katawan sa pamamagitan ng paggamit ng therapeutic exercises, masahe at rehabilitasyon. Nagbibigay din sila ng payo at suporta base sa pamumuhay at kondisyon ng kalusugan ng pasyente. Subalit halos walang physical therapist na marunong magsalita ng ibang wika. Kung mayroon sanang physical therapist na makakapagbigay ng suporta sa sariling wika, magiging panatag ang kalooban ng mga pasyenteng dayuhan.

Para maging isang physical therapist



✂Para sa nakapagtapos at may lisensya sa kursong physical therapy sa ibang bansa, kung makakakuha ng awtorisasyon mula sa Ministry of Labor and Health, hindi na kailangan pang pumasok ulit sa training school. Ang kulang na units lamang ang kailangan niyang kunin para maging kuwalipikadong kumuha ng board exam para sa physical theyrapy.



<Maagang preparasyon>

Para makapasok sa paaralan ng physical therapy , kinakailangan ang talino sa math at mataas na antas ng kaalaman sa Nihongo. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan , ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Bukod sa hospital, maari din magtrabaho sa mga health center at rehabilitation center, daycare center para sa matanda at pasilidad para sa mga batang may mga kapansanan. Depende sa lugar na pinapasukan ang halaga ng suweldo at ang average na suweldo ng physical therapist ay humigit kumulang 3,900, 000 yen sa isang taon.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa private university school ang ay humigit kumulang sa 6,000,000 (4 taon). Sa pribadong training school, 5,500,000 yen (4 taon) ang aabutin halaga ng matrikula.